August 11, 2021

**Environmental Legal Assistance Center (ELAC)**

Greetings,

FOR AESTHETIC SAKE help us STOP the PROJECT AT TANDOL BOULEVARD Culion, Palawan these are violations of DENR and LGU's own devt. laws!

Violations of the LGU Culion together with brgy. Balala ongoing fish/boat landing construction at Culion Tandol Boulevard without SEP & ECC permits or certificates.

Anong klaseng pag-iisip meron ang ginagawang ito? Para lamang ba sa proyektong gusto na walang pag-aaral at public consultations? Wala na ngang pang ayuda sa mga nagkakasakit at mga lockdowns, ganyang klaseng proyekto pa ang gagawin? Anong uring pagpaplano ito? Bakit kailangang gawin ito? Meron ng pantalan at breakwater meron pa ang brgy. Culango boat/fish landing.. maging sa brgy libis o brgy. Osmena.. pwede namang mag-usap ang mga kalapit na brgy na ito para tugunan ang ganitong pangangailangan.. dapat nga sentro o iisa lang ang ganitong proyekto na fish/boat landing.. walang tamang pagkukunsulta sa mga tao at lalong-lalo na sa DENR o sa mga expertong ahensya ng NGA o NGO?! Nasa batas mismo ng LGU na bawal dahil walang ECC or sa kanilang batas mismo. alam ng lahat ang aesthetic value ng lugar maging ang historical values nito lalong-lalo na ang kagandahan nito.. napakaganda ng tanawin sa lugar na sisirain at ang mga corals sa karagatan, maaapektuhan o masisira din ang mga ito. Kapag mababaw or low tide papaano makakadunggo ang mga bangka? Kapag malakas ang amihan o habagat at bagyo vulnerable at open ang lugar na ito so anong mangyayari? Papaano din ang trafic na idudulot? walang space sa daan o napaka liit ng kalsada at maaari pang samantalahin ng mga tabing negosyante at baka tuluyan ng tayuan ng kung ano-anong structure at sasabihin "kayo nga gumawa at lumabag dyan!" Pls. po paki tugunan ang aming panawagan na imbestigahan po ang ginagawang ito at mukhang malinaw na walang pag-aaral at kahulugan ang structure na ito at gagastos lang. marami pang dapat tugunan na priority higit pa sa ganitong klaseng proyekto. Paki tigilan po ito, for true development sake.

Maraming salamat po.

Culion Concern Citizens

True development - of the people, by the people, for the people..

Online Petition:
http://www.change.org/SaveTandolDestructionCulion